NOVEMBER 2010
ISSUE 28

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN

PO NATIN !

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثامن والعشرون



Serbisyong Totoo

IPINAMIMIGAY NG LIBRE


المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24712574

november .indd 1 11/3/10 12:08:51 PM

Arabic Language Education Project

CAMS
معهد كامز للتدريب الأهلي
CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES

الأمانة العامة للأوقاف



SA PAGTATAGUYOD NG AWQAF PUBLIC FOUNDATION

FREE ARABIC COURSE

Limitado lamang ang upuan,
kaya tawag na ngayon para magparehistro.

FULL COURSE DURATION : 32 HOURS

Tel : 97802777 - 24712574

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

جمعية النجاة الخيرية

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

4712574

november .indd 2 11/3/10 12:08:52 PM

FILIPINO MAGAZINE
PO NATIN !
PAG-USAPAN
ISSUE 24

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
uaya
Abdul Qadir Laja
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone (965) 24712574
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Shk. Abdulhadie Gumander
Executive Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Assistant Executive Director
Men Section
Usta. Halima Mantawil
Assistant Executive Director
Women Section

IPC

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ang KPCCenter ay bumabatay sa mga katuruan, mga kahalagahan, at mga kaugaliang pang-Islam. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat ng mga relihiyon at mga sektor upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

2 ANONG MERON SA BUWAN NG NOBYEMBRE
ماهو الموجود في نوفمبر

3 ANG PAMAHALAAN AT ANG SERBISYONG TOTOO
الدولة والخدمات

4 SERVICE CHARGE - ISANG KWENTO
سعر الخدمات

5 GAWAIN: DAPAT PAGBUTIHIN
اتقان العمل

6 MAKI-ALAM! KUWAIT:
Souk Al-Mubarakiyah: Ang Divisoria ng Kuwait
سوق المباركية

8 PAG-ARALAN ANG ARABIK:
Lesson 18
تعلم اللغة العربية

9 TANONG AT SAGOT: Iddah sa Talaq at Khul'a
سؤال وجواب

10 JOSE PACIANO LAUREL: PAGGUNITA
ذكرى: لهوسي فاسيانو لاوريل

11 PUERTO PRINCESA
مدينة فويرتو فرينسيسا

12 WOMEN SECTION ACTIVITIES
انشطة المركز قسم النساء

13 CLASS OF JUNE - SEPTEMBER GRADUATION
تخريج قسم النساء

14 BISAYA: Ang Dakbayan sa Ozamiz
لغة بيشايا

15 PAMANANG KUWAITI
التراث الكويتي

16 BASA A MORO
لغة المورو

17 ISYUNG PANGKALUSUGAN
الصحة

19 SARI-SARING KAALAMAN:
Mabagal ba ang iyong computer?
معلومات متنوعه

20 PINOY RECIPE
تعليمات الطبخ – الفلبينيه

21 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

21 MAHALAGANG MGA NUMERO SA TELEPONO
أرقام هاتفيه مهمه



ANONG MERON SA BUWAN NG NOBYEMBRE

Nobyembre 1- 2. **Undas, ang Araw ng mga Banal at Araw ng mga Patay**. *Sa Pilipinas, karaniwang nagpupunta ang mga Pilipino sa puntod ng kanilang mga namayapang mahal sa buhay sa araw na ito. Ito ay isang regular holiday sa Pilipinas.*

Nobyembre 7, magsisimula ang **Dhu'l-Hijja sa Islamic Calendar**, *ang buwan ng Hajj. Ang Paglalakbay sa Banal na Dako ay panahon na ang mga Muslims mula sa iba't-ibang panig ng mundo na iba't-ibang ang lahi, kulay at mga wika ay nagtitipon-tipon sa diwa pangkalahatang pagkakapatiran upang sambahin ang Nag-iisang Dios na sama-sama.*
Nobyembre 16 - 19, 2010. **Eid Al-Adha Celebration** *ng mga Muslim.*

Itinalaga ang Nobyembre 1016- ng bawat taon bilang **Deaf Awareness Week** *sa pamamagitan ng Proclamation No. 889 ni dating pangulong Corazon Aquino. Taun-taon ay ipinagdiriwang ito bilang pagsulong ng kaalaman tungkol sa pagkabingi at kung paano ito maaagapan. Ipinagdiriwang sa Pilipinas ang Deaf Awareness Week upang himukin ang mga Pilipinong normal ang pandinig na bigyan ng pansin at unawain ang kundisyon ng mga kababayan na hindi nakakarinig. Kalahok ang mga miyembro ng Metro Manila Federation of Agencies for the Deaf, na binubuo ng tatlumpu›t limang organisasyon na kinabibilangan ng mga pampubliko at pribadong paaralan para sa mga bingi, ipinagdiriwang ang pinakamalaking selebrasyon para sa mga may kapansanan sa pandinig. Iba›t ibang mga aktibidad at programa ang inihanda para sa pagdiriwang tulad ng mga talumpati tungkol sa pagkabingi, mayroon din mga aktibidad tulad ng libreng klase sa speech therapy para sa mga bahagi ng selebrasyon.*

Ang **Kansilay Festival** *ay isang pagdiriwang na idinaraos sa lungsod ng Bago, Negros Occidental. Kilala rin ang Kansilay sa tawag na El Cinco de Noviembre dahil sa petsa kung kailan sinisimulan ang siyam na araw na pagdiriwang. Ginagawa ito bilang paggunita sa isang mapayapang rebolusyon ng mga Negrense laban sa mga Espanyol, sa pamumuno ni Heneral Anacleto Araneta noong 1898.*
Nagsisimula ang Kansilay Festival sa ika-5 ng Nobyembre at nagtatapos tuwing ika-13 ng nasabing buwan. Ipinagdiriwang ang Kansilay sa pamamagitan ng isang kapistahan ng pagkain, pagbabasa ng mga tulang Ilonggo at isang kumpetisyon sa pagsayaw at pagsasadula tampok ang puno ng Kansilay na may kulay lila na bulaklak.


Ang **National Food Fortification** *Day ay ipinagdiriwang tuwing ika-7 ng Nobyembre ayon sa Philippine Food Fortification Act of 2000.*
Ayon sa Konstitusyon ng Pilipinas, ang Estado ay may tungkuling protektahan at pagtibayin ang karapatan ng tao sa kalusugan at pagbibigay ng kaalaman tungkol sa angkop na nutrisyon. Kinikilala din ng estado ang kakulangan ng mga Pilipino sa angkop na nutrisyon batay na rin sa mga ginawang pagsasaliksik, kabilang ang iron, bitamina A, iodine, thiamin at riboflavin. Dahil dito, ginawang panukala ang paglalagay ng mga naaangkop na bitamina at nutrisyon sa mga pagkain o food fortification upang maabot ang mga kaukulang pangangailangan ayon sa Recommended Dietary Allowance.
Ang Food Fortification ay ang pagdaragdag ng mga kulang na mineral sa pagkain na kinokonsumo ng isang grupo ng tao. Ang matagumpay na mga programa sa fortification ay nakatutulong sa pagbabawas ng pagkakaroon ng impeksyon at pagkamatay lalo na sa mga bata at kababaihan at nakatutulong din ito sa pagpapalakas ng pagganap dahil sa karagdagang nutrisyon para sa utak.
Ayon sa Republic Act 8976, ang Food Fortification Program ay binubuo ng dalawang bahagi: ang boluntaryong paglalagay ng karagdagang bitamina sa mga pagkaing pinoproseso at ang pangkalahatang paglalagay ng iron sa bigas, Bitamina A sa asukal, mantika at harina.

Pangyayari
Nobyembre 3, 1896. *Nagsumiklab ang Himagsikang Negros ay ang pagsamahin ng ating pagkipagbakbakang lumaban sa pagitan ng mga hukbo ng Pilipinong mapanghimagsik sa pamumuno kay Juan Araneta at Aniceto Lacson ay lumaban sa mga tropang Kastila sa pulo ng Negros.*
Nobyembre 9, 1896. *Nagsumiklab ang Labanan sa Binakayan ay isang naganap ng pagsalakay sa pagitan ng mga puwersang Pilipinong mapanghimagsik sa pamumuno ni Heneral Emilio Aguinaldo at Heneral Candido Tirona na ang lumusob sa Binakayan, Kawit, Kabite ay ang lumaban sa mga tropang Kastila.*
Nobyembre 9, 1896. *Ang Labanan sa Dalahican sa Dalahican, Noveleta, Kabite na ang kaanib ng ating pagsalakay ng pagbabakang lumaban sa pagitan ng mga sundalong Pilipino at Kastila.*
Nobyembre 21, 1877. *Pinahayag ni Thomas Edison ang inbensiyon ng ponograpia, isang makinarya na nakapagre-record at nakapag-papalabas ng tunog.*
Nobyembre 27, 1830. *Nagkaroon ng isang pangitain si Santa Catherine Laourne ng Birheng Maria na nakatayo sa isang globo na tumatapak sa isang ahas gamit ang kanyang paa na may lumalabas na ilaw mula sa kanyang mga kamay.*

Kamatayan
Nobyembre 6, 1959. Namatay si **Jose P. Laurel**, *Pangulo ng Ikalawang Republika ng Pilipinas (ipinanganak 1891).*
Nobyembre 13, 1986. Napatay si **Rolando «Ka Lando» Olalia at Ka Leonor Alay-Ay** *ng pamumuno ng Kilusang Mayo Uno o KMU na binaril ng mga militar ay nagtatapuan sa bayan ng Antipolo, Rizal sa Pilipinas.*

ADVERTISING RATES	Original Rates KD	6 Months 20% Discount	Yearly 30% Discount KD	
Regular Full Page	100	80	70	840
Half Page	50	40	35	420
Quarter Page	25	20	17.5	210
Inside Front Cover Full Page	150	120	105	1,260
Inside Back Cover Full Page	150	120	105	1,260
Back Cover Full Page	200	160	140	1,680
Center Spread Pages	200	160	140	1,680
For more information, call 24712574 ext. 109				

november .indd 2 11/3/10 12:09:00 PM



ANG PAMAHALAAN AT ANG SERBISYONG TOTOO

Narinig mo na ba ang islogang "mamamayan muna bago mamaya na"? Sa palagay mo bakit ito ipinapapaskil ng Civil Service Commission sa mga tanggapan ng pamahalaan? Naranasan mo na bang pumunta sa isang tanggapan ng pamahalaan? Ano ang napansin mo sa mga kawani na nagtatrabaho dito? Ginagawa ba nila ang tunay na pagseserbisyo sa mga mamamayang pumupunta sa kanila o may pinagkakaabalahan silang iba at hinahayaang maghintay ang mga tao? Ano kaya ang mararamdaman mo kung paghintayin ka ng matagal o di kaya ay ituro kung kani-kanino para lamang mapapirma ang isang opisyal ng pamahalaan sa iyong papeles?

Ang pamahalaan bilang institusyong panlipunan ay may mahalagang misyon na mangalaga sa kapakanan ng kanyang mamamayan at tiyaking ang kabutihang panlahat ay makakamit. Sa patuloy na pagdami ng tao na naninirahan sa isang bansa, dumarami rin ang pangangailangan. Dahil dito, kinailangang may isang institusyong mamamahala at sisiguruhin na mapanatili ang kaayusan at makakamit ang kabutihang panlahat sa kabila ng pagdami ng tao sa lipunan. Ito rin ang dahilan kung bakit itinatag ang iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan. Pangunahing Gawain nito ang maglingkod sa mga mamamayan.

Sinasabing a public office is a public trust. Kapalit ng tiwalang ipinagkakaloob ng mga mamamayan sa mga namumuno at kawani ng pamahalaan ay ang pananagutan naman nilang paglingkuran ang mga ito nang buong husay at katapatan. Nakalulungkot lamang isipin na may iilang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaan na iba ang pananaw sa kanilang posisyon. Para sa kanila, ang pagkakapuwesto sa pamahalaan ay paraan ng pagpapayaman at pagkakamal ng kayamanan. Wala silang pakialam sa paglilingkod sa mga mamamayan. Marahil, alam mo ang mga iskandalong nilikha ng pagkakabunyag sa mga pangungurakot sa kaban ng bayan. Ang mga ito ang pinag-ugatan ng di kanais-nais na persepsyon o pagtingin ng mga mamamayan sa pamahalaan. Paano ngayon maiwawasto ang persepsyong ito?

Walang ibang makagagawa nito kundi ang mga nasa pamahalaan din. Mahalagang makita ng mga mamamayan na hindi lahat ng opisyal at kawani ng pamahalaan ay tiwali at walang alam sa tunay na paglilingkod-bayan. Dapat isabuhay nila ang tunay na diwa ng serbisyo publiko, sabi nga sa islogan ng isang network: Serbisyong totoo! Magagawa lamang ito kung isasabuhay ang pananagutan, katapatan at kasipagan sa araw-araw na paggawa nila. (Project EASE, bse.portal.ph)

november .indd 3 11/3/10 12:09:03 PM

SERVICE CHARGE

Isang liham ang dumating sa post office na may nakasulat na: Para sa Diyos. Ang empleyadong nakatanggap nito ay hindi malaman kung ano ang gagawin kayat binuksan niya ang liham upang malaman kung kanino galing. Naririto ang nilalaman.

"Mahal kong Diyos,

Ako po si Tommy, anim na taong gulang. Ulila na po ako sa ama. Ang akin pong ina ay hirap na hirap upang maitaguyod kaming magkakapatid. Maaari po bang padalhan ninyo kami ng pera?"

Nabagbag ang loob ng empleyado, ipinabasa niya sa mga kapwa kawani ang liham at nakapagpasya silang mangulekta ng pera at ipadala sa bata. Nakalikom rin sila ng tatlong libo at ipinadala ito sa adres na nasa liham. Makalipas ang dalawang lingo ay nakatanggap silang muli ng liham sa bata. Narito ang nilalaman.

"Mahal kong Diyos,

Natanggap ko po ang tatlong libo na inyong padala, maraming, maraming salamat po. May ipapakiusap lang po sana ako. Kung pwede po sa susunod huwag na ninyong padaanin sa post office ang ipadadala ninyo? Kasi po natitiyak ko binawasan na nila iyong padala ninyo."

Ito ay isang kwento lamang at nakakatawa, di ba? Ngunit ano ang ibig ipahiwatig nito? Bakit ganon ang persepsyon ng bata? Paano natin ito maiuugnay sa tunay na buhay? Marahil, alam mo ang mga iskandalong nilikha ng pagkakabunyag sa mga pangungurakot ng mga namumuno at mga kawani sa iba't-ibang pamahalaan ng bayan. Ang mga ito ang pinag-uugatan ng di kanais-nais na persepsyon o pagtingin ng mga mamamayan sa pamahalaan.

november .indd 4 11/3/10 12:09:05 PM

GAWAIN: DAPAT PAGBUTIHIN

Hindi pwede ang pwede na….



Excellent, outstanding, splendid, laudable. Ilan lamang ang mga ito sa mga katagang ginagamit upang ipakita ang kahusayang nakita sa isang gawain. Sa ating bansa, may ibat't ibang pagkilalang iginagawad sa mga taong nagpamalas ng kahusayan sa kanilang larangan. Ilan sa mga ito ang Ten Outstanding Young Men at Outstanding Teachers. Ano kaya ang nararamdaman mo kung ang iyong gawain ay bibigyan ng pagkilala dahil sa mahusay na pagkakagawa nito? Kung sakali namang hindi maganda ang iyong trabaho at pintasan ka sa masamang pagkakagawa nito, ano ang iyong mararamdaman? Ano kaya ang epekto ng gawaing hindi pinagbuti?

Anuman ang gawaing maiatang sa ating mga kamay, gaano man ito kalaki o kaliit, mahalagang gawin ito nang buong husay. Ang bawat natapos na gawain ay may tatak ng gumawa nito. Repleksyon ito ng pagkatao o katauhan ng gumawa. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang lagi nating isaisip na dapat ingatan at pagbutihin ang bawat gawain. Maaaring hindi natin nakikita ng tuwirang epekto ng ating paggawa, ngunit may mga naaapektuhan ng ating gawaing hindi pinagbuti. Tingnan mo na lamang ang ilan sa mga balitang gumulat sa atin sa mga nagdaang taon.

Ang pagkakalason at pagkamatay ng mahigit 20 batang mag-aaral sa isang paaralang elementarya sa Bohol dahil sa pagkain ng itinindang kamoteng kahoy. Ayon sa pagsusuri, may nahalong nakalalasong kemikal sa mantikang ginagamit sa pagluluto. Kahit pa sabihing hindi intensyon ng nagluto na mangyari iyon, kung naging maingat lamang sana siya at siniguro ang kalinisan ng kanyang mga ginagamit sa pagluluto, hindi ito mangyayari.

Ang pagpapasabog ng LRT sa Blumentritt Station sa Maynila noon ay hindi sana naganap kung ang mga guwardiya at pulis ay naging mahigpit sa kanilang pagsasaliksik ng mga bagahe ng bawat pasahero. Dahilan sa naging maluwag sila at hindi naging puspusan sa pagtupad ng kanilang gawain, nalusutan sila ng mga masasamang-loob na nagpasabog dito.

Kung ang bawat halal na opisyal ng bayan ay gagawin nang mabuti ang trabahong dapat nilang gawin, tiyak na naibsan na kahit papano ang kalagayan ng maralitang mamamayan. Subalit dahil sa hindi nila ito ginagawa, patuloy ang paghihikahos ng nakararami. Mahalaga ang pagkakaroon ng wastong pamantayan sa anumang gawain. Bagaman hindi tayo tulad ng mga produkto na may dinadaanang quality control upang malaman kung papasa ba o hindi sa pamantayang itinakda, mahalagang magkaroon tayo ng sariling pamantayan sa paggawa. Nakabatay ito sa katotohanang dapat nating pagbutihin anuman ang ating gawain sapagkat may Diyos na laging nagmamasid sa atin. Siya ang ating hindi nakikitang supervisor na dapat nating bigyang kasiyahan. Naiaangat natin ang ating dignidad bilang tao kung lahat ng ating ginagawa, lalo na ang ating hanapbuhay o trabahao, ay kalugud-lugod sa Kanya. (Project EASE, bse.portal.ph)

november .indd 5 11/3/10 12:09:07 PM

Ni Joshua Yusuf Barbas

SOUK AL-MUBARAKIYAH: ANG DIVISORIA NG KUWAIT!



Narito at dumako naman ang ating paglalakbay sa isang popular na lugar dito sa Kuwait, ang tinawag at binansagan ng inyong lingkod na Divisoria sa bansang ito, isa sa maitituring na busy o aktibong lugar sa araw-araw na ating nadadaanan pauwi ng Kuwait City o Salmiyah. Ang Souk Al Mubarakiyah o Old Souk kung tawagin ay ipinangalan kay Mubarak Al Kabeer Al Sabah na isa sa naging unang Amir o pinuno ng bansang ito noon taong 1837 hanggang 1915. Ito ay makikita sa bahaging hilaga ng Kuwait City. Tinatawag ang sentrong ito sa ngayon na sakop ng Darwaza Aldulrazzaq Square, ang kinukunsiderang pinakamatandang palengke ng bansang Q8 (o Kuwait). Dala ng marami nating mga nakakasalamuha sa ating paghahanda ng mga bagong inihahaing mga kwento para sa ating serye ng Maki-Alam, ito ang ating nasipan at nabigyan ng kwentong pang-OFW, para sa buwan na ito. Dahil talaga naming may involvement sa ating buhay expats, kung ating iisipin at pupunahin ang lugar na ito sa mga Kababayan na nagsasakripisyo sa bansang nagsisimula na naman ang tag-lamig sa ngayon. Kaya ito ang ating istoryang inihatid ng mundo ng pamimili, negosyo, at pamamalengke ng mga murang supply o bilihin. Ang tinagurian nating Divisoria ng bansang Kuwait. Bakit Divisoria? Dagdag na munting paglilinaw, ito ay lugar sa Manila na sentro ng mga supplies at murang mabibiling mga iba't ibang bagay na iyong pwedeng isipin. Mapadamit, sapatos, bag o maleta, office o school supplies, tools, mga laruan, wholesale o retail na mga supply ng kung anu-ano, makikita at mabibili natin doon, kaya dagsain o laging pinupuntahan ang lugar na iyon na hawig naman sa ating tinatalakay na Souq Al Mubarakiyah.

Si Aling Tess ng Hawally, Ilokano at taga-Cavite na sa kasalukuyan, 5 taon na ring Mananahi sa isang sport apparel sa Jabriyah. Twice a month ang kanyang pagtungo dito sa Mubarakiyah dahil dito ang bilihan 'nya ng mga gamit sa pananahi, at mga tela na kailangan. Ang ikalawang bisita naman ay ang buwanang pagkain at groceries nilang mag-asawa. Kasi sabi pa 'nya sa tagal na rin ng panahon ito na talaga ang naging praktikal nilang puntahan para ma-budget ang buwanang mga pangangailan na pagkain tulad ng isda, karne, gulay at mga prutas na talaga namang masasabing enjoy at nakasanayan nang puntahan nila dito. Dito rin niya pinapa-maintenance ang mga gamit niyang mga makina, gunting at ilang mga importanteng mga kagamitan sa kaniyang trabahong pananahi. Suki na ng ating bida ang mga gulayan dito na madalas pa nga may suki siyang mga tindero na inuutangan pa niya dahil kilala na siya bilang regular customer nila, kaya ok lang, ika 'nga tiwala na sila sa isa't isa.

Si Nhor na tribo ng Tausog sa lugar ng Zamboanga City, na namamasukan sa isang Cosmetics and Fashion Accessories Store sa Farwaniyah. Siya na rin halos ang nagpapatakbo nito dahil kasama sa kanyang trabaho pati ang paghahanap ng mga supplies o paninda. Ang Souk Mubarakiyah ay sakop na ng kanyang mundo bilang saleslady at dito sila ng Amo niya namimili ng wholesale na mga idi-display sa shop n'ya. Dito halos nanggagaling ang 90 porsyento ng kanyang tinitinda sa nasabing boutique. Kaya naman bukod sa pamamalengke na rin dito ng ilang pagkaing supply sa bahay ay ito na rin ang halos maghapon niyang ginagalaan kapag namimili na siya at kumukuha ng mga bagong pwedeng i-market sa kanyang bagong trabaho sa isang mall sa Farwaniyah.

Ang mag-asawang sina Matet at Victor ay hang-out din itong Souq Mubarakiyah every sahuran at day-off nila, minsan twice or trice a month ang tungo nila dito, naninirahan sa Al Muthanna sa Maliya o City at kapwa mga Cabalen (taga-Pampanga), dito na rin naging mag-asawa at nagkaanak sa loob na ng 5 years. Kasama nila ang 'unica-iha' (babaeng bata) na 4 years old na anak para ipasyal narin sa bandang likuran ng palengke matapos silang mamili ng mga isda, gulay at karne tinutungo naman nila ang lugar ng kainan o mga magkaka-helerang restaurants ng Kabab at Shish-tawouk o inihaw na mga baka at manok doon. Kaya naman na-eenjoy nila ang lugar na ito dahil mura at maganda at ok din para sa kanilang anak para makapaglaro sa libreng public playground na naroon.


Si Mang Peter, taga-Bulacan na ang accommodation ay sa Subhan, 12 years na dito bilang Pintor ng kotse sa isang malaking kumpanya ng mga Japanese Cars, at mahilig din mag-partime ng mga pagkukumpuni, all-around karpentero at electrician na rin. Swak ang lugar na Mubarakiyah para sa kanya dahil maraming murang mga tools, linoleum at ilang mga electrical na gamit tulad ng bombilya, cable wires at piyesa na rin. Kasi sabi niya 'di tulad sa Hawally at Shuwaikh, dito ay makakabili ng per piraso, halimbawa na lang ng ilang haba o metro ng cable wires, mga hose pang-garden o gamit pang kusina na mga tubo at gamit

november .indd 6 11/3/10 12:09:08 PM

panglababo tulad ng gripo atbp. Talaga namang iba't iba pala ang makikita, mapipili at mabibili natin dito sa Divisoria ng Kuwait. Dagdag pa niya, madalas din niyang pinupuntahan ang lugar ng mga ginto at mga alahas sa Souq, dahil ugali niya bago umuwi sa Pilipinas para magbakasyon, mamimili siya ng mga alahas pang-regalo sa mag-ina niya sa atin, dahil mura din at siguradong 'di lamang Indian Gold ang makita na uri ng alahas, may Saudi at Italian brand din na mapipili at primera klase ang masisipat dito at sure mas bagong updated ang designs. Kaya 'nga madalas din talagang supplier ng mga Gold shop itong Souq ng ilang ginto at alahas sa buong Kuwait bukod pa sa lugar doon sa Fahaheel at Jahra na tulad din ng Mubarakiyah ay mura ang presyo. Dagdag pa na share ni kapatid, na noong nandito pa ang asawa niya na nag-for-good last 2 years ago, ay partime naman ng maybahay n'ya ang pagtitinda at pautang ng mga ginto at alahas sa mga Pinoy OFW dito. Kaya naman bihasa sila sa usaping alahas at kabisado ang mga suki nilang tindahan sa Mubarakiyah.

Panghuli na ating napili ay kwento ni Bro. Efren ng Abu Halifa, siya ay merchandiser at ahente. Mahilig sa paglalako ng mga pabango at mga office supplies ang ating bida na tubong-Davao, dito sa Mubarakiyah niya nakukuha ang lahat halos ng kanyang mga nilalako at kinukuha sa mga supplies na dini-deliver naman nila sa iba't ibang opisina na sakop ng kanilang Real State Company. Sa loob ng 7 taon niyang pag-iikot-ikot sa lugar na ito, siguro kahit nakapikit ay kabisado n'ya ang lahat ng mga sulok ng mga lugar dito. Pati mga bilihan ng tela, murang restaurant at mga bangkong naka-palibot sa lugar na ito siguro ay napuntahan na ng ating super duper dumiskarte sa partime at income na Kabayang ito. Masipag at maabilidad si kapatid na sa sitwasyon n'yang may dalawang pamilya, isa sa Pilipinas at isa dito sa Kuwait, talaga naman kung pwede ay pati day-off n'ya ay ino-OT pa niya, para punan ang inaasahan at obligasyon na mga gastusing usapin. Ang payo niya kung tutulad lang tayong mga Pinoy dito sa Kuwait sa mga diskarte ng mga Boorie o mga Indianong Muslim na makikilala sa kasuutan nilang kopyia o suot sa ulo na may design na gold plated na mga beeds o burda na ginto paikot sa suot na ito. Sila ay kadalasan makikita sa lahat ng panig ng Kuwait at sila ay mahilig magtungo dito sa Mubarakiyah para mamuhunan ng wholesale ng mga kung anu-anong paninda; laruan, damit, ginto, relo, atbp. Sila ay nagiging ahente sa iba't-ibang lugar din dito para naman i-supply ito at dadagdagan na lang nila ng konting profit o kita. Kaya madalas maaalala ng ating mga masugid na mambabasa parang mga Bombay sa atin o mga Instik sa usaping negosyo kasi kahit mabigat ang dala-dalang plastic bags na puno ng paninda at malayo ang nilalakad ay kanila itong matiyagang ginagawa para may income na higit sa sinasahod na sweldo kung ikukumpara sa pamamasukan lamang bilang empleyado sa mga Company. Ito ang naging inspirasyon ng ating kapatid para gawin ang kanilang pamamaraan para kumita, kaya naman kumikita ng doble hanggang triple kung ikukumpara sa sahod niya sa Real State. Kasi sabi niya 'di naman pwedeng iwanan ang trabaho sa Company para full time na sa pagiging agent dahil sa usaping visa o iqama. Kaya sa tatlong beses niya pumarito every week sa Mubarakiyah para kunin ang mga supplies na order ng kanyang mga suki at sa pabangong lagi niyang nilalako. Bahagi na ng buhay niya ang lugar na ito. Bukod pa sa kabisado na niya ang palitan ng iba't ibang currency ng pera dito, which is marami rin makikita na nakapalibot sa lugar ng Mubarakiyah Street. Kabisado din niya ang mga murang kumot, araw kung kailan mura ang isda at gulay, kailan namamalengke ang mga matataas na tao sa Kuwait tulad ng mga Sheikh na Al Sabah. Talaga naman walang kawala sa detalye at kwento ang ating bidang ito.

Wala na tayong espasyo kaya ito ending na naman ng istorya basta 'di pa tapos ang lahat ng mga ikukwento natin. Hanggang sa muli, abangan ang mga susunod na kabanata ng ating Maki-Alam series. Maraming salamat sa mga nakibahagi ng kani-kanilang kwento at payo. At nawa'y nagustuhan naman ng ating mga masusugid na mga suking mambabasa. Salamat sa mga tuloy-tuloy na ang mga nag-e-email sa atin lingkod para sa mga gusto ninyong isali natin para sa mga susunod na kabanatang kwento ng ating artikulo. Bye! Masalam!



TRIVIA:
Ang Sheik Karimal Makdum Mosque, ang kauna-unahang moske o masjid na itinayo sa ating bansa sa pamamagitan ni Makhdum Karim isang Arabong manlalakbay at trader noong 1380 (kaya 630 taon na ito sa kasalukuyan) sa Barangay Tubig Indangan, Simunul, Tawi-Tawi. Dito na rin siya inilibing sa tabi ng moskeng ito. [Ang San Agustin Church ang tinagurian namang pinakamatandang simbahan sa ating bansa noong 1571, ito sinimulang itayo ng mga Kastila sa Intramuros].
Ang Al Ben Khamis Mosque, naman ang tinaguriang pinakamatandang masjid sa Kuwait, na makikita pa rin sa kasalukuyan, ito ay itinayo noong pagitan ng mga taong 1772 at 1773, na matatagpuan sa Sharq Area, Abu 'Obaidah Street corner Arabian Gulf Road, sa hilagang kanlurang bahagi ng Al Babtain Library at Ministry of Planning.
(mindanews.com, buzberry.com & en.wikipedia.org)

november .indd 7 11/3/10 12:09:10 PM

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Asst. Executive Director, Women Section, KPCCenter

Lesson 18

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik
Saan ka nagtatrabaho?	Aina ta'mal?	أين تعمل
Saan ka nakatira?	A'malo fi Jam iyyah Taa-uniyah	أعمل في جمعية تعاونية
Ako'y nakatira sa Farwaniya	Aina taskon?	أين تسكن
Araw ng Arafah	Askuno fil Farwaniya	أسكن في الفروانية
Ilan taon kana dito sa Kuwait?	Kam sanah Qadaita fil Kuwait?	كم سنة قضيت في الكويت
Tatlong taon	Salas sanawat	ثلاث سنوات

Mga Katinig

Harakat

Fathah = "a"

halimbawa بَ = Ba

Kasrah= "I"

halimbawa بِ = Bi

Dammah "u"

halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

Raa ر	Dhaal ذ	Daal د	Khaa خ	Haa ح	Jeem ج	Thaa ث	Taa ت	Baa ب	Alif أ
Faa ف	Ghaieen غ	Aieen ع	Zaa ظ	Taa ط	Daad ض	Saad ص	Sheen ش	Seen س	Zaa ز
	Yaa ى	Yaa ي	Haa ه	Waaw و	Noon ن	Meem م	Laam ل	Kaaf ك	Qaaf ق

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

november .indd 8 11/3/10 12:09:14 PM



Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing

TANONG AT SAGOT

Iddah sa Talaq at Khul'a


TANONG: Kabilang ako sa nananaliksik sa aral ng Islam, lalung-lalo sa family code. Nabasa ko ang tungkol sa Talaq at sa tinatawag na Khul a. Subalit mangyari mang ito ay aking nabasa ay hindi ko rin gaanong naintidihan lalung – lalo na pagdating sa Eddah ng Khul a. Kayat ang akin pong kahilingan sa inyo Ustad na inyong bigyang linaw ang mga ito at ang tungkol din sa pagkakaiba ng Talaq at Khul›a. Maraming salamat po at nawa›y higit kayong bibiyayaan at pagpalain ng Allah.

SAGOT: Bismillahi, Walhamdulillahi Wassalato Wassalamo Ala Rasulillahi Waala Alihi Wasahbihi wa ba›d. Isa sa mga maselang paksa sa pag-aasawa ang «Talaq» na ngangahulugang diborsyo o hiwalay. Gayundin ang «Khul›a» na ang kahulugan sa literal ay pagluluwas, subalit ang mga paksa na ito ay kanais- nais na linawin para sa pamilyang mga Muslim at para din maintindihan ng hindi mga Muslim, kung bakit ipinahintulot sa Islam ang diborsyo o paghihiwalay. Ang tungkol sa «Talaq» ay mahabang paksa subalit sapat ng malalaman na ito ay diborsyo sang-ayon sa kagustuhan o pasya ng lalaki sa pamamagitan ng kanyang pagbigkas sa salitang «Talaq» o anumang salita na nangangahulugang hihiwalayan na niya ang kanyang asawa. Kapag nangyari na ang diborsyo o paghihiwalay ay magkakaroon ang babae ng «Eddah» at ito ay sa loob ng tatlong pagre-regla o kaya ay tatlong buwan ayon sa pananaw ng ibang mga pantas, bago siya maaaring mapangasawa ng ibang lalaki. Ang «Khul›a» naman ay ang paghiling ng babae upang makipag-hiwalay sa kanyang asawa sa pamamagitan ng pagluwas sa kanya. Nagkaiba ang mga pantas kung ito ba ay kabilang sa «Talaq» (diborsyo) o kaya ay «fas›kh» na ang kahulugan ay pagkawala ng bisa ng kanilang kasal, sa pamamagitan ng pagsasabi ng babae sa kanyang asawa ng «Kala›tuka» na ang ibig sabihin ay niluwas kita o ng paglalabas ng Korte ng desisyong paghihiwalay sa pamamagitan ng «Khul›a» matapos ibalik ng babae ang dori niya sa kanyang asawa. Kaya nagkaiba din sila ng pananaw tungkol sa «Eddah» ng babae na humihiwalay sa kanyang asawa sa tatlong pananaw.

Una, ayon sa mga pantas na nagsasabing ang «Khul›a» ay kabilang sa «Talaq», mayroong «Eddah» na tatlong pagre-regla o tatlong buwan. Batay sa kung ano ang «Eddah» ng paghihiwalay na normal na ito ay sa pamamagitan ng kagustuhan ng lalaki.

Ikalawa, ayon naman sa mga pantas na nagsasabing ang «Khul›a» ay pagwawalang bisa ng kasal o kaya ay «fas›kh», mayroong «Eddah» na isang pagreregla na tinatawag ng ibang mga pantas na «Eddatul Istibra» o kaya ay «Baraatul Rahim» upang malaman kung ang babae ba ay buntis. Ang ibig sabihin kung may «Eddah» man siya ay hindi katulad sa babaeng hiniwalayan ng kanyang asawa sa pamamagitan ng Talaq. Ito ang nagyari sa kapanahunan ni Propeta Mohammad(saw) at sa panahon ng mga «Khalifa» o «Sahaba» o mga kasamahan ni Propeta Mohammad (saw), katulad ni Uthman Ibno Affan , Abdullah Ibno Abbas, at Abdullah Ibno Omar (Kalugdan sila ng Allah), ito ang sinusunod ng ibang bansang Arabo o Muslim katulad ng Bansang Ehipto.

Ang Ikatlong pananaw, ay ang mga nagsasabing ang «Eddah» ng babaeng humiwalay o niluwasan ang kanyang asawa sa pamamagitan ng «Khul›a» ay para lamang malaman kung siya ay hindi nagdadalangtao o kaya ay buntis. Sangayon sa kanila, kung silang mag-asawa ay matagal ng hindi nagsasama na ang ibig sabihin ay sa panahon na yon ay hindi na kinatatakutan na ang babae ay buntis. Sa puntong iyon ay wala na siyang «Eddah». Samakatwid, pagkatapos mangyari ang «Khul›a», susunod o di kaya ay magsisimula nang tuparin ang mga alintuntunin hinggil dito. Hindi na maaring bumalik sa babae ang lalaki o angkinin ng lalaki bilang asawa ang babaing lumuwas sa kanya sa pamamagitan ng Khul›a. Ang babaing ito ay maaari nang mag-asawa ng iba, sapagkat ang Khul›a ay pagpapawalang bisa ng kanilang kasal na wala ng balikan o «Raj›a», maliban na lamang kung papaya ang babae na bumalik sa dati niyang asawa at magkasundo sila ng panibagong kasal at panibagong Dori. Ito ay kabilang lamang sa kaibahan ng «Taalaq» at «Khul›a». Sana ay patnubayan kayo kapatid sa iyong pananaliksik at naway higit mong maunawaan ang mga kaalaman na may ugnayan sa pag-aasawa sa Islam. Subalit huwag makalimutan na ang Islam ay hindi pumapanig sa paghihiwalay, Talaq man o Khul'a, maliban kung ito ay kinakailangan. Sinabi ni Propeta Mohammad (saw): "Ang pinaka-susuklaman ng Allah, subalit ito ay Kanyang ipinahintulot ay ang diborsyo)". Ang Allah lamang ang higit na nakababatid ng lahat.



Para sa nais magtanong, mag-email sa: joselitotabing@gmail.com

november .indd 9 11/3/10 12:09:21 PM

JOSE PACIANO LAUREL: PAGGUNITA



Siya ay isa sa mga sikat na Presidenteng Pinoy na dalubhasa sa batas, administrator, manunulat, abugado, estadista, at tagapagturo. Mula sa isang kilalang pamilya, isinilang sa Tanauan, Batangas si Jose P. Laurel noong Marso 9, 1891. Ang kanyang mga magulang ay sina Sotero Laurel at Jacoba Garcia. Pagkaraan magtapos ng abogasya sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1915, kinuha niya ang Masteral ng Batas sa Unibersidad ng Santo Tomas, at Doktor ng Batas sa Yale Law School. Mabilis siyang umasenso hanggang maging sekretaryo ng Kagawarang Panloob noong 1923 at nagging Associate Justice noong 1935. Naging aktibo siya sa unti-unting pagsasa-Pilipino ng pamahalaan sa ilalim ng mga Amerikano. Nanungkulan siya bilang Pangulo ng Korte Suprema nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at itinalaga siyang Kalihim ng Katarungan ni Quezon bago lumisan.

Pagbagsak ng Pilipinas sa kamay ng Hapon, patuloy siyang naglingkod sa gobyerno bilang ministro ng Katarungan. Samantalang nasa ilalim ng kapangyarihan ng Hapon, patuloy na lumalaban ang mga gerilya sa Pilipinas. Ito ay sa kabila ng pangakong bibigyan ng kalayaan ang Pilipinas ng mga Hapon. Noong 1943, isang «Republika ng Pilipinas» ang itinatag at si Jose P. Laurel ang nahirang na pangulo, sa ilalim ng mga Hapon mula Oktubre 1943 hanggang Agosto 1945. Tinawag siyang "puppet" ng pamahalaan dahil kilala siyang presidente sa pangalan at hindi sa politika, at ang mga pera niya ay tinawag ng "mickey mouse money."

Gayunman, sinasabing mas nasa isip pa rin ni Laurel ang mga kababayan kahit naglilingkod sa mananakop. Pinangalagaan niya ang kapakanan ng bansa sa gitna ng mga kalupitan ng mga Hapon. Marami siyang natulungan at nailigtas sa panahon ng digmaaan. Ibinilanggo siya bilang "collaborator" pagkaraan ng digmaan ngunit pinalaya ni Pangulong Roxas noong 1948. Ang pagkapanalo niya sa eleksyon bilang senador ang isang patunay na maging ang bayan ay kumikilala sa kanyang paglilingkod. Namatay siya noong Nobyembre 6, 1959 sa grabeng atake sa puso, habang nalalapit ang halalan.

november .indd 10 11/3/10 12:09:24 PM









Ni AbdulQadir E. Laja

PUERTO PRINCESA

Marami ang nagsasabi na dito raw sa Timog-silangang Asya matatagpuan ang magagandang tanawin, at "exotic" na mga lugar, na nakakaakit sa mga nature-lovers at adventurers. Madalas mai-feature sa National Geographic Center ang Palawan, dahil sa likas na ganda ng kanyang mga baybayin, at mga sisiran (dive spots). Maliban sa mga ito, nakilala rin ang Palawan dahil sa Crocodile farms at mga ilog sa ilalim ng lupa, o yung tinatawag na underground rivers.

May hugis-pahaba ang pulo ng Palawan. Isang lalawigan sa Pilipinas na binubuo ng 23 na munisipalidad. Ang Palawan ay nasa pagitan ng Dagat Tsina at Dagat Sulu. Makasaysayan din ang pulong ito. Dito makikita ang kweba ng Tabon, kung saan sa kwebang ito natagpuan ang tinatawag na mga labi ng Taong Tabon, may 22,000 taon na ang nakalipas nang manirahan ang mga taong ito. Sa kasalukuyan, marami pa rin ang mga Tribung-etniko, tulad ng Batak, Molbog, Tagbanwa, at iba pa.

Puerto Princesa ang capital ng Palawan. Ang ibig sabihin ng "Puerto Princesa" ay daungan, lugar, o Tahanan ng mga Prinsesa. Ito ay sa dahilang ang Palawan noon bago dumating ang mga Kastila ay nasa kapangyarihan ng Sultanate of Borneo. Noong 1658, ang Palawan ay naging bahagi ng teritoryo ng Sultanate of Sulu, ito ay sa panahon ni Sultan Salahuddin Bakhtiar.

Ayon sa ibang paliwanag, ang pangalang "Puerto Princesa" ay kinuha sa pangalan ni Prinsesa Eulalia ng Espanya, ipinanganak noong 1864. Anak ng Reyna Isabel at Francisco de Asis. Nang nagkasakit ng malubha si Prinsesa Eulalia, pinalitan ng kanyang magulang ang pangalang Eulalia ng Puerto de la Princesa. Sa kasalukuyan, ang Puerto Princesa ay itinuturing na "first class city". Ito rin ay isang payapa, maganda at malinis na lungsod.

november .indd 11 11/3/10 12:09:27 PM



Graduation, Women Section

november .indd 12 11/3/10 12:09:59 PM



Class of June - September 2010

november .indd 13 11/3/10 12:10:31 PM



BISAYA
ANG DAKBAYAN SA OZAMIZ

Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez

Ang Dakbayan sa Ozamiz usa ka ikaduhang klase nga dakbayan sa lalawigan sa Misamis Occidental sa Pilipinas. Sumala sa sensus sa tuig 2000, kini naay populasyon nga 110,420 ka tawo sa 22,170 ka bubong.

Ginganlan ang Dakbayan sa Ozamiz sa dungog ni José F. Ozámiz nga maoy unang gobernador, kongresista, ug unang (ug hangtod karon, mao ra ang) Senador gikan sa lalawigan. Ang unang ngalan sa dakbayan mao ang Misamis.

Ang Dakbayan sa Ozamiz gikan sa daan nga lungsod sa mga Espanyol nga gitawag ug Misamis. Kini gituohan nga gikuha gikan sa pulong Subanen nga "Kuyamiz" nga ang buot ipasabot klasi sa Lubi.

Bisag kon daghan ang misulat sa ngalan sa dakbayan nga Ozamis, ang iksakto ug opisyal nga pagsulat sa ngalan sa dakbayan mao ang Ozamiz.

Ang Dakbayan sa Ozamiz nagasaulog kada Mayo 5 nga gitawag ug Ozamiz Day, especial kini nga adlaw sa mga taga Ozamiz isip paghamdum ni kanhi Senador Jose F. Ozamiz.

Makita nato dinhi ang mga nindot na talan-awon sama sa Cotta Fort ug Cotta Shrine, Bukagan Hill, Naomi's Botanical Garden, Mt. Malindang Golf, Dolphin Island Aquamarine Park, Immaculate Conception Pipe Organ.



november .indd 14 11/3/10 12:10:34 PM

Ang Pamanang Kuwaiti

"Mutabbag Zibayidi"



مطبك زبيدي : واللوحة تشتمل على سفرة من الخوص وقد توسطتها صينية العشاء المحتوية على عيش مطبك زبيدي وبجانبها بعض المقبلات واللبن وهي آكلة كويتية مشهورة

Ang larawan ay nagpapakita ng banig na palaspas na may isang plato ng hapunan sa gitna na naglalaman ng kanin, isdang Zibayidi, pampagana at laban (gatas). Ito ay popular na pagkaing Kuwaiti.

Ipininta ni Ayoub Hussein Al-Ayoub, isang kilalang pintor sa bansang Kuwait. Mula sa aklat na pinamagatang The Kuwaiti Heritage.

november .indd 15 11/3/10 12:10:35 PM

BASA A MORO

SO KAMBETADAN NO BABAY SA ISLAM

Ni Usta. Pahima Guiabal
Da'iyah & Cultural Field Worker,
KPCCenter Women Section

Sumpat o bityala tano pantag sa sunggudan! Samayto na natawan tano kano naipos anya ulan-ulan i so sunggudan na kawagib no babay kano mama, na kagina ka mayto na ngin i mapya a sunggudan so sunggudan a masla ataw ka so sunggudan a paydo?

Niya so sembag o niya ba a iza tano: ya labi a mapya a sunggudan na so sunggudan a paydo, uway dikena yanin ma'na i malat so masla a sunggudan a ipagenggay kano babay ka samaya man na manaso ya den kasalilidan sa saguna banya a timpo na masla a kadsunggudan makamana-mana pamagilingan den ugayd na di tano kazuliman na aden anto na kasabapan a dili kapegkabaloy no duwa kataw sabap sa dili kagaga no mama so sunggudan no babay. So Nabi Muhammad (SAW) na ya sunggudan no mga kaluma nin na 500 Dirhams - ya equivalent a 500 Dirhams sa Saudi Riyal a nalabit o sabad na mapakay a sumubra atawka kumulang sa 140 Saudi Riyals; ya manem sunggudan no mga wata no Nabi na 400 Dirhams ya nin equivalent inya sa Saudi Riyal na mapakay a sumubra atawka kumulang sa 110 Saudi Riyals, na sekitano den i mataw lon o pila i equivalent nin inya sa pesos? Kagina ka mayto na so Nabi na sekanin ba i tuladan a bayanan tano a manga Muslim. So paydo a sunggudan na isa a barakat, mana bon so Hadeeth a nakaukit kani 'Aaishah a kaluma no Nabi: saben-sabenal a so Nabi Muhammad (SAW) na pidtalo nin: ((saben-sabenal a ya masla i barakat a kalilang, na so malemo (paydo) i sunggdan…)).

Pantag manem sa ngin ba i pinakapaydo a sunggudan no babay na dala bon natatalanged a kapaydo nin ugayd na pizan ka mayto na labiten ko salkano i mga pamikilan anya: siya kani Imam Malik na ya pinakapaydo a sunggudan na 3 Dirhams; siya manem kani Abu Haneefah na ya pinakapaydo na 10 Dirhams endo ya manem pinakamasla na 500 Dirhams. Aden anya a isa a Sahabah a mana si Abdulrahman bin Awf na kano timpo nin na nangaluma sekanin sa ya nin ininggay a sunggudan na 5 Dirhams, natawan no Nabi so niya ba a ininggay nin a sunggudan na sinugutan bon sekanin no Nabi, kagina ka mayto na isa inya a tanda sa so sunggudan na dala matatalanged a kapaydo nin sarta na ya importante na endaw i matilak-maliwanag a pagayonan no duwa ka embalay ya masla na endaw i nakatalingguma salkitano no Nabi magizan i kadtalo nin atawka galbekan nin na to den ba i pangamalan tano ka san tano ba di kaduratan.

Italos tano bo o miyog so Allah…

november .indd 16 11/3/10 12:10:38 PM

ISYUNG PANGKALUSUGAN

ANG MAGINHAWANG PAGTULOG SA GABI



Ang mga suliranin sa pagtulog ay isa sa mga pinakamadalas ng reklamo sa mga larangan ng pangkalahatang kalusugan at pangkaisipan. Naitantiya na mahigit sa 20% ng mga nasa-gulang na populasyon ang dumaranas ng ilang uri ng pangmatagalang insomniya minsan sa kanilang buhay at ang mga reklamo sa pagtulog ay napag-alamang dumarami ng husto sa mga matatanda.

Ang pagdaming ito ay maaaring dulot ng apat na pangunahing mga bahagi: Una, mga normal na pagbabago sa mga sistemang physiological na nagkokontrol sa pagtulog na siyang bahagi ng proseso ng pagtanda. Ikalawa, ang pagdami ng inidente ng mga natatanging suliranin sa pagtulog na bahagi ng katawan gaya ng palagiang pagkilos ng mga paa o bisig habang natutulog (periodic limb movement during sleep or PLMS) at malakas na paghilik (sleep apnoea). Pangatlo, ang pagdami ng insidente ng mga suliraning pangkalusugan (tulad ng osteoarthritis) at mga karamdaman sa pag-iisip (tulad ng depression, dementia) na nakakaapekto ng masama sa pagtulog. Panghuli ay ang pagdalas ng paggamit ng iba't-ibang mga gamut na maaaring magkakasalungat o maaaring may ibang epekto sa mga matatanda.

Kasama sa mga normal na pagbabagong may kinalaman sa edad ay (1) ang pag-unti ng mahimbing na tulog at ang kasukat na pagdalas ng mas mababaw ng tulog, (2) ang pagiging madalas na mga paggising at putul-putol na tulog sa gabi, (3) ang pagkapuna sa bumabang kalidad at haba ng pagtulog, (4) ang paghina ng abilidad na umangkop sa mga pagbabago o mga kaabalahan sa inog ng pagtulog at paggising, (5) ang makaugaliang matulog ng mas maaga at gumisinmg ng mas maaga. Ang mga normal na pagbabagong ito ay kadalasang nag-uumpisa sa mga gulang na 50. (tmhc.nsw.gov.au)

Tips: Paano matatamo ang mas maginhawang pagtulog sa gabi…

Gawing regular ang oras ng paggising!

Ang pagpapanatili ng regular na oras ng paggising at pagtulog ay napakahalag, lalo na ang paggising sa pare-parehong oras bawat umaga. Ang oras n gating paggising at tumutulong na itama ang regularidad n gating katawan (circadian rhytms), kaya't pagsikapan nating huwag iba-ibahin ang oras ng ating paggising ng mahigit sa isang oras, kahit na sa mga araw na walang pasok o day-offs.

november .indd 17 11/3/10 12:10:41 PM

MGA KABAYAN!!!

Hanap mo ba ay pag-unlad sa karera para sa iyong kinabukasan?

Oo, KABAYAN!


ito ang ICSA para sa iyo!




Halina't mag-aral ng computer courses sa ICSA at maging eksperto sa loob ng ilang buwan at sa abot-kayang halaga lamang.

For more info tawag lang po kay Ms. Kathy.

Kuwait City 22467301 - 60078629





Upang magkaroon ng inyong libreng kopya, bisitahin kami sa KPCCenter, o tumawag sa aming tanggapan.

SARI-SARING KAALAMAN:

Mabagal ba ang iyong computer?

Detect and repair disk errors

Para sa mga karagdagan sa pagpapatakbo ng Disk Cleanup at Disk Defragmenter upang ma-optimize ang pagganap ng iyong computer, maaari mong suriin ang integridad ng mga file na naka-imbak sa iyong hard disk sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng utility Error Checking.

Sa paggamit ng inyong hard drive, maaari itong bumuo ng Bad sector. Ang Bad sector ay nagpapabagal ng performance ng hard disk at kung minsan ginagawang mahirap ang pagsulat ng data (gaya ng pag-save ng file). Ang mga utility sa Error Checking ay sinusuri ang hard drive para sa mga bad sector, at sinusuri nitong mabuti ang file para sa mga system error upang makita kung ang mga certain files o folder ay nailagay sa ibang lugar.

Kung ikaw ay gumagamit ng iyong computer araw-araw, dapat mong patakbuhin ang utility minsan sa isang linggo upang makatulong na maiwasan ang pagkawala ng mga data.

Paano Patakbuhin ang Error Checking Utility:

Isara lahat ang bukas na mga file.

I-click ang Start, at pagkatapos ay i-click ang My Computer.

Sa My Computer window, i-right click ang hard disk na nais mong i-search ng mga bad sectors, at pagkatapos ay i-click ang Properties.

Sa Properties dialog box, i-click ang Tools na tab.

I-click ang Check Now button.

Sa Check Disk dialog box (na tinatawag na Error-checking sa Windows 7), piliin ang Scan for and attempt recovery of bad sectors check box, at pagkatapos ay i-click ang Start.

Kung may bad sectors na natagpuan, piliin upang ayusin ang mga ito.

Tip: Piliin lamang ang "Automatically fix file system errors» check box" Kung sa tingin mo na ang iyong disk ay naglalaman ng mga bad sectors.

Protektahan ang inyong kompyuter laban sa spyware

Ang Spyware ay nangongolekta ng personal na impormasyon nang walang paalam sa inyo at hindi humihingi ng pahintulot. Mula sa mga Web site na binisita mo sa username at password spyware ay maaaring ilagay ang iyong mga lihim na impormasyon sa panganib. Sa karagdagang privacy concerns, ang spyware ay maaaring makasagabal sa performance ng iyong computer. Upang labanan ang spyware, maaari mong gamitin ang PC safety scan from Windows Live OneCare. Ito ay isang libreng serbisyo at maaring maka tulong para sa pag-check at pagtanggal ng mga virus. Maari ring gumamit ng ibang mga Anti-Virus na tulad ng Norton, Eset, Bitdeffender, Trend Micro at iba pa. Kailangan ding patakbohin ang mga anti-virus na ito araw-araw upang masiguradong safe sa mga virus at spyware ang inyong kompyuter.

Alamin ang lahat tungkol sa ReadyBoost

Kung gumagamit ka ng Windows 7 o Windows Vista, maaari mong gamitin ang ReadyBoost sa pagpapabilis ng inyong system. Ito ay isang bagong konsepto sa pagdagdag ng memorya sa isang sistema, ito ay nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng mga non-volatile flash memory-tulad ng isang USB flash drive o ng isang memory card-upang mapabuti ang performance ng inyong kompyuter nang hindi na kinakailangan pang magdagdag ng karagdagang memorya.

(*Abangan ang iba pang mga tips kung papano mapangalagaan ang inyong mga PC at Laptop. Ang bahaging ito ay hatid sa inyo ng CITC-ICSA Computer Technology Centre, ang unang Filipinong akademiya ng computer sa Kuwait.*)



PINOY RECIPE

Ni Sis. Um Ismael





PUTSERONG DALAG

MGA SANGKAP:
1 dalag
2 kamatis
1 sibuyas
2 patatas
3 saba
¼ repolyo
1 talong
6 dahon ng petsay
2 butil ng bawang
½ tasang nilagang garbansos
Patis
Atsuwete
Sabaw-sinaing

SAWSAWAN:
Mag-ihaw ng talong. Hiwaing maliliit at ihalo ang dinikdik na bawang at timplahan ng asin, asukal at suka.

PARAANG NG PAGLULUTO:
1. Linisin at tostahin ang dalag. Asinan at iprito nang malasado.
2. Ilaga ang saging. Hatiin ang mga petsay, at hiwain ang repolyo, sibuyas at kamatis ng pakuwadrado.
3. Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis. Timplahan ng kaunting patis.
4. Ibuhos dito ang sabaw-sinaing. Pagkulo, ihulog ang patatas at talong. Hanguin ang talong pagkaluto.
5. Ihulog na ang lahat ng gulay, nilagang saging (walang balat), at dalag. Papulahin sa atsuwete. Hanguin kapag luto na ang isda.

PUTSERONG MANOK

MGA SANGKAP:
1 manok, hiniwang pansubo
½ kilong karne ng baka na hiwang 2”
2 tsoriso de Bilbaw, sliced
1 ½ kutsarang asin
1 kutsaritang paminta, binayo
1 sibuyas, sliced
Hugas-bigas
¼ tasang langis
1 ulo ng bawang, pinitpit
6 nilagang kamote
1 latang tomato sauce
1 tasang garbansos, nilaga at tinalupan
6 saba, prito

PARAAN NG PAGLULUTO:
1. Pagsamahin ang unang pitong sangkap at palambutin ang karne sa malalim na kaldero.
2. Igisa ang bawang, sibuyas, tomato sauce.
3. Idagdag sa pinalambot na karne; ihulog ang mga gulay; repolyong pinag-apat, petsay, murang sibuyas.
4. Idagdag ang lahat ng gulay at lutuin.
5. Ihain nang bukod ang sabaw sa mga gulay at karne.
6. Maaaring ihain din na may salsang talong.

(Source:Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)

november .indd 20 11/3/10 12:10:50 PM

Mahalagang Mga Numero sa Telepono

EMERGENCY: 112, 1844777
CIVIL ID INFO: 1889988
FIRE BRIGADE: 100, 105
TRAFFIC VIOLATIONS: 198
AMBULANCE:
Central 24722000; Emergency 24765616; Adan 23940660, 23941455; Amiri 22422366; Dai'ya 22510854; Dasman 22419785; Fahaheel 23919089; Faiha'a 22553779; Farwaniya 24883000, 24725149; Jahra 24575448; Mubarak Al-Kabir 25311437; Nuwaisib 23950114; Sabah 24815000; Salmiya 25739011; Shuaiba 23261927
HOSPITALS:
Amiri Casualty 22450005; Al-Sabah 24812000, 24815000; Mubarak Al-Kabir 25312700 to 9; Farwaniya 24883000, 24888000; Adan 23940600; Ibn Sina 24840300; Al-Razi 24846000; Al-Jahra 24575300; Maternity 24848067; Allergy 24849252; Blood Bank 25336538; Burns Centre 24840300; Cancer Control Centre 24849100; Chest Deseases 24838990, 24849400; Drug Control 24837245; Infectious Diseases 24870351; Islamic Medicine Centre 24849000; Military 24729911; Opthalmology 24840300; Psychiatric Centre 24843900; Sulaibikhat Orthopedic 24874240
PRIVATE HOSPITALS:
Ahmadi 23985174; Mowasat 25711533; Dar Al Shifa 22423151; Salam 22533177, 25333254; British Medical Centre 23713100; Royal Hayat Hospital 25360000, 25360536
PRIVATE CLINICS:
International Clinic 25745111; Kuwait Clinic 25739277; Maidan 22450001
POLICE STATIONS:
Abu Halifa 23717656; Ahmadi 23980304; Bayan 25387762; Dasma 22531917; Fahaheel 23912959; Hawalli 22641116; Jabriya 25315855; Jleeb Shoyoukh 24311234; Kaifan 24832839; Qadsiya 22574386; Qurain 25423772; Sabah Al Salem 25517229; Salhiya 22427157; Salmiya 25726950; Sharq 22442466; Shuwaikh 24813726; Surra 25312220; Wafra 23810412;Waha 24557902
IMMIGRATION DEPARTMENT:
Farwaniya 24341770; Hawalli 25712637, 25712635; Jahra 24555600; Ahmadi 23986761;Mubarak Al-Kabir 25415071
EMBASSY:
Phil. Embassy- Jabriya, Kuwait 25329316, 25329317, 25329318; OWWA/POLO 25346507, 25346508
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE (IPC):
Al-Mullah Saleh Kuwait 22444117; Salwa 25637900; Sharq 22418934, 22418917; Al-Rawda 22511301, 66944422; Salmiya 25733263, 66944422; Farwaniya-Kheitan 24735626, 99285459; Al-Manggaf 23723002, 99256165; Al-Jahra 24558830, 97509063; Aware Center 25335260, 25335280; TIES Center 25231015, 25231016, 97798222

MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon...)



Ni Issa Mohammad Tragua

***Rizal**: Inday, ang hindi marunong magmahal sa sariling wika, ay mas masahol at masangsang pa sa malansang isda.*
***Inday**: Thank you for your wonderful words of wisdom. But don't you know that I've already read all your writings. And unfortunately, I was really disappointed because majority of your novels were written in Spanish and Latin. So, therefore, you are the ultimate violator of your own aphorism.*
***Rizal**: wow meganon?*
(sender: Dia Echavez Jamboy)

***Amo**: So Inday, tell me, how do you accept the fact that you are just amere chambermaid in this extravagant mansion?*
***Inday**: Una camarera? Eres tan pathetic. La unica razon que inscribi tucasa es porque nada esta sucediendo dentro de tu casa cuasi-agradable.*
Quisiera traer una poca clase en este hogar pero conjeturo que nopuedo porque esta casa es fea.
***Amo**: Asan na ba yung Spanish dictionary ko… Love!!! Tulong please*
(sender: Dia Echavez Jamboy)

***Katulong1**: inday magtsismisan muna tayo tutal wala naman ang amo natin.*
***Inday**: much as i want to indulge in the proliferation of such indecent and malicious information, i want to lift the stigma and alleviate society's perception of our profession.*
***Katulong1**: grabe ka naman inday ang dami mong sinabi pwede ka namang tumanggi!*
(sender: Dia Echavez Jamboy)

***Amo**: Inday wag kang umalis ng bahay dito ka lang magbantay!*
***Inday**; dont limit my capacity in the four corners of this luxurious abode. expose me to the real challenges of the outside world. i want to grow as an individual with dynamic experiences.*
***Amo**: cge na nga sumama ka nalang sa Enchanted Kingdom.*
(Sender: Dia Echavez Jamboy)

***Amo**: Inday bakit ang kalat ng bahay hindi kaba naglinis?*
***Inday**: a change in the weather patterns might have occured causing havoc to the affected surroundings.. the way debris are scattered indicated that the gust of wind is going northeast.. causing damage to the path it is going..*
***Amo**: grabe bumagyo pala kanina di ko man lang namalayan! (Sender: Dia Echavez Jamboy)*

***Waiter**: Ano po order nila maam?*
***Amo**: Ung fried chicken meal na lang. Ikaw inday, ano sayo?*
***Inday**: I would like to partake of a dish of sautéed chicken, boiled in thick essence of soy and cane extracts, with copious amount of garlic, onion and laurel, sprinkled generously with fine spices and served with generous helping of root crop and a helping of rice.*
***Amo**: Iho, paorder daw ng adobo with rice*
(Sender: Dia Echavez Jamboy)

november .indd 21 11/3/10 12:10:51 PM

Mga surprisa sa VIVA FESTIVA

Magkaroon ng dagdag na kredit sa tuwing magloload

Kumuha ng hanggang KD 7 na karagdagang kredit sa tuwing magloload gamit ang Viva prepaid card. Magload sa halagang KD 5 na card at magkaroon ng dagdag KD 1 o magload ng KD 10 at magkaroon ng dagdag KD 3. Makakakuha ka din ng KD 7 kapag magloload ka ng card sa halagang KD 20. Simulan ng magload ngayon!





Para sa karagdagang impormasyon,
bumisita sa aming website www.viva.com.kw
or tumawag sa customer care 102

Terms and conditions apply

november .indd 22 11/3/10 12:10:52 PM